

Gusto kong mag-aral sa High School



Sa April ay pasukan sa mga eskuwelahan para sa taong ito. Dito sa Japan ay mas kapaki-pakinabang na makapagtapos ng mataas na paaralan para sa trabaho sa hinaharap. Gayunpaman, nangangailangan ito ng mas maraming pagsisikap kaysa sa mga bata na pinalaki sa Japan. Sa isyung ito ay inayos namin ang mga impormasyon na kailangang malaman ng mga dayuhang bata tungkol sa pag-aaral sa High School. Sana ay pagbutihin ninyo ang inyong pag-aaral.

Mga estudyante na maaring kumuha ng eksamin para sa pagpasok sa high school

1. Kailangang nakapag-aral ng 9 na taon sa kanilang sariling bansa at may **sertipiko ng pagkumpleto** o pagpapatunay at iba pa.
2. Dumating dito sa Japan bago mag-15 taong gulang at **nagtapos sa isang junior high school dito sa Japan.**
3. Kung kumuha at nakapasa sa **junior high school graduation certification test** dito sa Japan.
*Ang "Junior High School Graduation Certification Test" ay batay sa pinag-aralan sa junior high school sa Japan.

Para sa mga estudyante na hindi kwalipikadong kumuha ng eksamin para sa pagpasok sa high school ayon sa nakasaad sa itaas, may tatlong paraan para magkaroon ng kwalipikasyon

1. Ang estudyante ay dapat pumasok sa isang junior high school dito sa Japan. Kung ang paaralan, ang estudyante, at ka-pamilya ay sasang-ayon, ang pagpasok ay posible kahit na ang bata ay higit na sa 15 taong gulang. Pagkatapos makapagpatala maari nang pumasok, wala nga lamang espesyal na klase sa Nihongo.
2. Maari ding magpatala at pumasok sa isang junior high school na pang-gabi upang makakuha ng diploma sa junior high school. * May isang pang-gabing junior high school sa Saitama Pref. (Kawaguchi City) at 8 sa Tokyo.
3. **Kumuha ng online classes para sa mga kakulangang aralin** sa iyong sariling bansa para makakuha ng 9-taong sertipiko ng pagkumpleto sa iyong sariling bansa.

Pagkuha ng eksamin para sa pagpasok sa High School [Kukuha ng eksamin kaparehas ng sa mga Hapon]

1. May espesyal na quota para sa mga dayuhang estudyante sa mga **pampublikong high school**. Inilaan ito para sa mga estudyante na maaaring mag-aral ng mga pangunahing aralin sa wikang Hapon. Subalit para sa mga batang dumating sa Japan sa loob ng 3 taon, ang eksamin ay 2 asignatura lamang Ingles at Matematika at isang panayam.
2. Ang **ilang pribadong high school** ay may sistema para sa pagtanggap ng mga mag-aaral na matatas sa wikang banyaga. * Siguraduhin lamang kung mayroong suporta para sa wikang Hapon.
3. Ang mga **pang-gabing high school** ay tumatanggap ng mga estudyante kahit na wala silang kasanayan sa wikang Hapon ngunit ang mga klase ay isinasagawa sa wikang Hapon.
4. Sa ilang kaso, ang mga mag-aaral na may mataas na antas sa wikang Hapon at kakayahan sa pagkatuto ay maaaring pumasok sa **correspondence high school**.



Saan ka puwedeng mag-aaral kung hindi ka makapasok sa high school?

1. Silid-aralan ng suporta sa pag-aaral na itinatangayod ng NPO * Hal. FICEC at iba pa (libre ang pag-aaral)
2. Mag-aral sa **Japanese language school** (may bayad)
3. Pumasok sa **Free school** para sa high school (may bayad)

Maraming mga bata ang patuloy na nag-aaral sa FICEC para pumasok sa high school o magpatuloy sa kolehiyo. Sinusuportahan namin ang iyong mga pangarap. Huwag sumuko sa iyong mga pangarap!

Konsultasyon ukol sa edukasyon ng mga bata ay tinatanggap sa munisipyo kung saan ka nakatira. Sinusuportahan ng FICEC ang nakararaming mga bata hangga't maari upang magpatuloy sa junior high school at high school. (TEL. 049-256-4290)

FICEC
Mga pagpapayo

Sa FICEC ay tumatanggap na din ng konsultasyon at pagpapayo sa araw ng Sabado at Linggo
Mula Lunes ~ Sabado 10:00 - 16:00
Linggo 13:00 - 16:00



Nang mag-apply ako para sa extension of period of stay ng aking visa, nagulat ako nang sabihin sa akin ng opisyal ng imigrasyon na "Ako ay diborsiyado at nawala ang aking visa sa paninirahan." Malamang ay nagsampa ng divorce report ang aking asawang Hapon nung umuwi ako ng sariling bansa dahil sa biglaang pagkamatay ng aking ama. Ano ang dapat kong gawin ngayon?

Kung ang kabilang partido ay nagsumite ng ulat ng diborsiyo sa tanggapan ng gobyerno kahit na hindi ka sumasang-ayon sa diborsiyo, at tinanggap ng rehistro ng pamilya sa tanggapan ng gobyerno ang abiso, pormal na itinatag ang diborsiyo sa pamamagitan ng konsultasyon.

Kung hindi ka sumasang-ayon sa pagtatapos ng diborsiyo, dapat kang mag-aplay sa korte ng pamilya para sa pamamagitan upang kumpirmahin ang kawalan ng bisa ng diborsiyo.

Kung ang isang ulat ng diborsiyo ay isinampa nang walang pahintulot, kakailanganin ng maraming oras at pagsisikap upang maitama ito. At kung nag-aalala ka tungkol sa isang ulat ng diborsiyo na isinumite nang walang pahintulot mo, maari kang magsumite ng "Abiso ng Pagtangga sa Ulat ng Diborsiyo" sa tanggapan ng gobyerno.

Ako ay naninirahan sa Japan at 10 taon na akong walang visa. Nag-aalala akong mahawa sa covid-19 kaya gusto kong magpabakuna. Ano ang gagawin ko?

Hindi ka makakapagpabakuna nang walang tiket sa pagpabakuna. Kung mapapatunayan mo na nakatira ka sa isang lungsod, tulad ng mga resibo ng singil sa kuryente, tubig, at iba pa, ay maari kang mabigyan ng tiket sa pagpabakuna. Tumawag at makipag-ugnayan sa covid-19 service counter (health center o city hall) kung saan ka nakatira.

Pansamantalang espesyal na benepisyo na 100,000 yen para sa mga sambahayan na hindi pinatawan ng buwis sa paninirahan "Mga sambahayan na maaring tumanggap ng benepisyo"

Kung hindi pinatawan ng buwis sa paninirahan noong 2021 fiscal year.

Mga dokumento ng aplikasyon ay ipapadala ng munisipyo.
Mangyaring suriin lamang ang mga nilalaman at tumugon sa munisipyo

Komuntak sa:

- Tumawag sa munisipyo ng bayan kung saan kayo nakatira.
- Call center para sa pansamantalang espesyal na benepisyo (Tel. 0120 - 526 - 145)
- Tumatanggap din ng pagkonsulta sa FICEC (Tel. 049-269-6450)

Kung may biglaang pagbabago sa badyet ng sambahayan Kung na-exempt ang sambahayan sa residence tax dahil nabawasan ang kita dahil sa COVID19.

Kailangang magsumite ng aplikasyon.
Sagutan ang application form, ihanda ang mga dokumento ng pagpapatunay, at isumite ito sa munisipyo.

Sa Fujimi-shi ay maari nang humingi ng pagpapayo sa online

Tumawag at magpareserba tungkol sa pagkonsulta sa Fujimi city hall.

I-rehistro ang iyong e-mail address sa homepage ng Fujimi city

Magkonsulta sa ipinangako o itinakdang petsa at oras.



※Para sa mga nakatira o nagtatrabaho sa Fujimi-shi.



"Drawing Contest" Isali na iyong gawang drawing!

Sa civic activity exhibition na ginanap ng Fujimino City Office Gallery, ipinapakita ang mga ginawang drawing ng mga bata na nag-aaral sa FICEC at gawang calligraphy ng mga mag-aaral sa Nihongo class. Inaanyayahan ang iba pang mga bata na isali ang kanilang gawang drawing. May mga parangal na ibibigay: gold award, silver award, honorable mention award, pagbigay papuri sa pagsali at iba pa para sa lahat ng lalahok.